
# JUAN ARMY

ANG OPISYAL NA LATHALAIN NG ARMY TRANSFORMATION ROADMAP

OCTOBER - DECEMBER 2020
VOLUME 17 ISSUE 3




## "Hukbong Katihan ng Pilipinas sa Gitna ng Makabagong Panahon"



4 "Tulong Laban sa COVID-19"



5 "Sundalong Maasahan, Magtaguyod ng Inang Bayan"



6 "Sa ano mang Laban ng Buhay, Sundalong Pinoy ang Tunay na Kaagapay"

# JUAN ARMY

ANG OPISYAL NA LATHALAIN NG ARMY TRANSFORMATION ROADMAP


## TALAAN NG NILALAMAN


03  PANINIGURO SA KALIDAD NG KAGAMITAN NG MGA FRONTLINERS

04  TULONG LABAN SA COVID-19

05  SUNDALONG MAAASAHAN, MAGTAGUYOD NG INANG BAYAN

06  SA ANO MANG LABAN NG BUHAY, SUNDALONG PINOY ANG TUNAY NA KAAGAPAY

07  5ID STARTROOPER: MATATAG SA MAKABAGONG PANAHON KASAMA ANG KOMUNIDAD NG AGHAM



**PUNONG PATNUGUTAN**

**COL JOEL M PALOMA GSC (INF) PA**
Chief, AGSMO
*Chairperson*

**COL PATRICIO RUBEN P AMATA GSC (INF) PA**
AC of S, G7
*Vice Chairperson*

**MAJ MARY ANN P MARTINEZ (AGS) PA**
Chief, Strategic Communication Branch
*Secretary*

*Members*
**COL ARVIN R LAGAMON INF (MNSA) PA**
Regiment Commander, CMOR (P)

**COL RAMON P ZAGALA INF (MNSA) PA**
Chief, ACPA

**Louise Antonette T Sandoval, CivHR**
*Editor-in-Chief*

**MAJ MARY ANN P MARTINEZ (AGS) PA**
*Managing Editor*

**MAJ MARY ANN P MARTINEZ (AGS) PA**
*Associate Editor*

**Gil Ezekiel J Senanin, CivHR**
*Circulation Manager / Layout Artist*

**TSG RENEE S BALLECER (AGS) PA**
*Assistant Circulation Manager*


Inihahandog ng JUANARMY ang kwento ng bawat Pilipino na nakikipagtuos sa unos na dala ng COVID-19. Dama ng bawat isa ang pagsubok na dala nito sa ating kaligtasan at kabuhayan. Sa inyong pagbuklat ng lathalain, ating tanawin ang pagsisikap ng organisasyong ito upang maging gabay at tulong sa bawat Pilipino na mandato nitong paglingkuran na may pusong marangal at makabayan.

Sa bawat mamamayan ng nayon na ito sabay nating harapin at pagtagumpayan ang hamong dumarating. Matitiyak na ang bawat opisina, yunit, empleyado at sundalo ay inyong kaagapay upang malagpasan ang unos na ito.

**LOUISE ANTONETTE T SANDOVAL** [SCB-AGSMO]
Punong Editor

Ang JUANARMY ang opisyal na lathalain ng Army Transformation Roadmap (ATR) na nililimbag ng Headquarters, Philippine Army at pinangangasiwaan ng Army Governance and Strategy Management Office (AGSMO). Upang matugunan ang mga layunin ng ATR na pagtibayin ang ugnayan ng mga sundalo sa publiko; ipabatid ang imahe ng Philippine Army na nagpapakita ng karangalan, katapatan, at katungkulan; at maging isang propesyonal na Army na suportado ng tao, ang JUANARMY ay nagsisilbing instrumento sa paglimbag ng mga istorya, imahe, at komentaryong naglalarawan ng isang nagbabagong Philippine Army. Ngunit hindi lamang ninanais ng lathalaing ito ang paglaganap ang ATR. Sabay sa mga repormang naihahatid ng ATR sa organisasyon, layunin din ng JUANARMY na tumulong sa adbokasiya ng gobyernong ipanday ang tunay na pagbabago sa pamamahala.



# PANINIGURO SA KALIDAD NG KAGAMITAN NG MGA FRONTLINERS

Akda ng Research and Development Center, Army Support Command

Ang *Quality Assurance Division* ng *Research and Development Center (RDC), Army Support Command, Philippine Army* ang natatanging opisina na naatasang maniguro na naaayon sa pamantayan ang kalidad ng mga kagamitan na binibili para sa mga kasundaluhan. Sa panahon ng crisis sa *Coronavirus (COVID-19) pandemic* ay patuloy na ginagawa ang mga *testing* upang suportahan ang mga pangangailangan ng mga sundalong natalaga sa iba't-ibang parte ng Pilipinas, pati na ang mga sundalong naatasang maging *frontliners.*

Isa sa mga pinakamahalagang kagamitan na kailangan ng mga sundalo sa panahon na ito ay ang mga *face masks* at *face shields* upang maprotektahan sila sa mga elemento na maaaring makakaharap nila sa labas. Upang makatulong sa proyekto ng *face masks* ay masigasig na ginagawa ng RDC ang aming papel sa panunuri ng kalidad ng mga tela na ginamit para sa kagamitang ito. Ang mga pagsusuri ay importante upang masiguro na matibay ang kalidad ng mga materyales at naaayon ang desinyo at kulay ng mga ito sa *Philippine Army Pattern* (PHILARPAT) ng *Battle Dress Uniform (BDU)*. Kasalukuyan ding sinusuri ng RDC ang tela na gagamitin sa *Olive Drab* na face masks na susuotin ng mga sundalo kasabay ng *General Office Attire* (GOA).

Isa pa sa mahahalagang kontribusyon ng RDC ay ang pananaliksik ukol sa mga ligtas at nararapat na *decontamination solutions* laban sa *COVID-19* at iba pang elemento. Ang mga natatanging *chemists* sa RDC ang naatasang alamin kung ano ang mga solusyon sa *decontamination* na maaring gamitin sa tao at paglilinis ng mga kagamitan. Ang *70% isopropyl alcohol* at *70% ethyl alcohol* ay maaaring gamitin sa kamay kapag nasa labas ng bahay, ngunit ayon sa rekomendasyon ng *World Health Organization* (WHO) mas mainam at epektibo ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon kapag nasa loob ng bahay. Ang *hypochlorite solution o "bleach"* ay maari lamang gamitin sa paglilinis ng mga kagamitan at hindi sa mga kamay dahil ito ay mapanganib sa mata at sa balat. Ang *bleach* ay hindi rin inirerekomendang gamitin sa mga *decontamination tents* dahil sa mga panganib na dala nito sa mga tao.

Isa sa mga iminungkahi ng *Sanitents PH* na gamitin sa mga *decontamination tent* ay ang *Povidone Iodine Solution*. Ang *Sanitents PH* ay binubuo ng mga eksperto mula sa Unibersidad ng Pilipinas mula sa Diliman at sila ay gumawa ng desinyo para sa mga decontamination tents na bukas para sa lahat. Ang *Povidone Iodine Solution* ay ligtas na gamitin sa mga tao na papasok sa isang kampo upang masiguro na sila ay decontaminated at hindi nagdadala ng anumang panganib sa kalusugan. Ito rin ang solusyon na ginagamit ng mga doctor at *surgeons* sa paghuhugas ng kamay bago ang kanilang operasyon upang tiyak ang kalinisan. Sa RDC, ang mga *chemists* lamang ang nagtitimpla ng *Povidone Iodine solution* upang makasiguro na tama ang *concentration* na gagamitin sa ating mga *decontamination tents*.

Kahit na may crisis sa panahong ito, patuloy pa rin ang testing ng mga kagamitan para sa mga sundalo upang magawa nila ang pang-araw-araw na responsibilidad bilang *essential workers* o *frontliners*. Kasama na dito ang mga *quartermaster* at *ordnance items*, katulad ng mga damit, *bags*, tulugan, sasakyan, bala, *magazine* at baril.

Hindi lamang sa *Philippine Army* nakakatulong ang RDC kundi pati rin sa ibang sangay at sakop ng *Armed Forces of the Philippines*, *Philippine Air Force, Philippine Navy, Philippine Military Academy, Philippine National Police, Philippine Coast Guard, Bureau of Jail Management & Penology,* at Bangko Sentral ng Pilipinas.






# TULONG LABAN SA COVID-19

Akda ni 1LT WENLIE B ENRIOLA (OS) PA ng 6FSSU, Army Support Command

Sa paglaganap ng nakakahawa at nakakamatay na sakit na *Coronavirus Disease* o mas kilala sa tawag na *COVID-19*, ang lipunan ay nalagay sa matinding pangangailangan nang naaangkop na kagamitan upang maging proteksyon ng mga kasundaluhan at iba pang kawani ng gobyerno mula sa nabanggit na sakit. Ito ang tinatawag na *Personal Protective Equipment* o PPE. Kabilang sa mga ito ay ang *protective suit, forehead thermometer, safety googles, ventilators, face shields* at ang pinakakaraniwan at laganap sa mga ito ay ang *face mask*.

Sa simula ng laban sa COVID-19, ang kakulangan sa nabanggit na kasangkapan ay naging isang matinding hamon sa ating pamahalaan. Ang suliraning ito ay pinaigting ng biglaan pagtaas ng pangangailangan ng mga kagamitan sa simula ng pandemya. Kasabay ng pagtaas ng pangangailangan ay ang paglobo ng presyo ng PPE. Bagaman, kalaunan ay nagkaroon ng ibang pamamaraan na kasangkapan upang matugunan ang pangangailangan ng mga ito.

Sa layuning makatulong sa pagtugon sa pangangailangan ng ating mga kasundaluhan sa 3rd Infantry (Spearhead) Division (3ID, PA), ang 6th Forward Service Support Unit (6FSSU) ay nagkaisa sa paggawa ng face shield. Naging makabuluhan ang panahon ng mga sundalo ng 6FSSU ang pagpapatupad ng lockdown sa malaking bahagi ng taon sapagkat ito ay nagbigay ng sapat at mahabang panahon sa kanila upang makagawa ng mga kagamitan na kasama sa PPE. Ngunit ang nasabing adhikain ay minsan nang natigil dahil sa kakulangan ng pondo at materyales.





Sa pagsusumikap ng pinuno ng 6FSSU na si LTC IMELDA L NADALA QMS (GSC) PA, ang unit na ay nakalikom ng materyales na gagamitin upang mapatuloy ang adhikain na makatulong sa kasundaluhan ng 3ID, PA at sa iba pang sangay ng gobyerno. Nakatanggap ng donasyon ng mga materyales ang unit gaya ng "katsa" upang gawing face masks mula sa University of the Philippines-Visayas Alumni Association. Maliban dito, nagbigay din ang nasabing association ng karagdagang face shields na ipapamigay sa mga magigiting na kasundaluhan.

Dahil dito, sa unang semester ng taon, ang unit ay nakapaggawa na ng kabuoang bilang na 2,400 pirasong face masks at 1,930 pirasong face shield. Ang lahat ng ito ay ipinamigay ng unit sa mga kasundaluhan ng 3ID, mga pampubliko at pribadong ospital, at sa iba't ibang kagawaran ng local na pamahalaan sa isla ng Panay at Negros Occidental.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang paggawa ng 6FSSU ng face mask at face shields upang ipamahagi sa mga mamamayan at makakatulong sa panahon ngayon na nagiging isa na sa pangunahing pangangailangan ng tao sa bagong normal. Mas mainam ang maging maingat kaysa maranasan at magpagaling sa naturang sakit, kung kaya't bilang pakikiisa sa nasyonal na pamahalaan sa pagpapatupad ng seguridad sa kalusugan, ang 6FSSU ay hindi titigil sa adhikain nitong makapagbigay ng tulong sa pamamagitan ng paggawa ng face mask.



# SUNDALONG MAAASAHAN, MAGTAGUYOD NG INANG BAYAN

Akda ni PVT VENUS L NAHPADAN (INF) PA ng 55th Engineer Brigade

KAAYUSAN AT KAPAYAPAAN, ito ang nais makamit ng bawat isa sa atin. Matinding kalamidad, krisis sa pangkalusugan, kahirapan, matinding digmaan at hindi pagkakaisa ang kinaharap na ng ating bansa. Sa kabila nito, patuloy na nakikita ang kalakasan at katatagan ng bawat mamayan sa kabila ng nagbabagong mga hamon. Sa gitna ng mga ito, ang Hukbong Katihan ng Pilipinas ay nagsisilbing katuwang ng mamamayang Pilipino para masolusyonan ang mga suliraning ito.

PAGSULONG ang hangarin naming sa taong dalawang libo't dalawampu't walo kung saan ating makakamit ang pagiging isang hukbo ng huwaran at maipagmamalaki ng mamayang Pilipino sa buong mundo. Binuo ng ating mga pinuno ang Army Transformation Roadmap na magsisilbing gabay para makamit natin ang tagumpay at layon sa darating na panahon. Ang masigasig nitong pangako ay upang ipagpatuloy ang tunay na programang pagbabago sa pamamagitan ng pagpapatupad ng ATR sa alituntunin ng mabuting pamamahala at mahusay at tuwid na pamamalakad. Hangad nito ay isulong at itatag ng pamamahala ang mahusay na paganap ng ating organisasyon sa pangakong mandato mula sa bawat opisina, unit, at sundalo. Ang bawat pangkat ng Hukbong Katihan ay may kaniya-kaniyang kontribusyon sa pagbabago na ito upang masiguro na ang bawat isa ay itinalaga na magpaliwanag ng madiskarteng direksyon ng layuning na isinasabuhay ng organisasyon.

Ang Coronavirus disease (COVID-19) ay ang nakakahawang sakit na kinahaharap natin magpasa hangang ngayon. Ito ay nagdudulot ng sintomas ng lagnat, ubo, at hirap sa paghinga. Ang virus na ito ay hindi inaasahan na sumiklab simula noong Disyembre 2019 hanggang sa magkaroon ng unang kaso ng sakit na ito sa Pilipinas noong Enero ng taong ito. Sa kabila ng pagdami ng bilang ng mga nahawa sa sakit, ang ating pamahalaan ay patuloy na naghahanap ng nararapat na bakuna kontra sa sakit na epektibo at makakarating sa bawat isang mamamayan. Sa kasalukuyan, social distancing, pagsusuot ng face mask at face shield, paghuhas ng kamay, pag-iwas sa matataong lugar, at ang manatili sa ating mga tahanan ay ilan sa mga patnubay ng ating pamahalaan. Ang mga ito dapat nating sundin para patuloy na maging ligtas sa sakit lalo na sa nalalapit na mga okasyon.

Matapos magdeklara ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa buong Luzon sa unang parte ng taon, ang Armed Forces of the Philippines ay nag-deploy ng libu-libong sundalo bilang mga frontliners na mangunguna sa pagbabantay ng checkpoint sa iba't-ibang lugar lalo na ang mga pangunahing kalsada na papasok at palabas sa mga siyudad. Maliban sa checkpoint, sila din ay tumutulong sa pagbiyahe ng mga kababayan nating naipit o stranded sa isang lugar na nais nang makauwi sa kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng Libreng Sakay gamit ang ating sasakyang pang-sundalo.

Tayo din ay tumutulong sa pagbibigay ng mga relief goods sa mahihirap na sector ng ating bansa. Sa kabila ng pandemya na ating kinakaharap ngayon at sa ating ginagampanang mga tungkulin, tayo ay handang tumulong sa ating kapwa sa abot ng ating makakaya mula Luzon, Visayas, at hanggang Mindanao. Sa puso ng bawat sundalo, masakit man na mawalay sa pamilya nananaig pa rin sa bawat isa ang kagustuhang makatulong sa kapwa.

Nakikilala tayong mga Pilipino sa bayanihan na ating taglay sa anumang sakuna o hirap na ating kinakaharap, lalo na tayong mga frontliners na nangunguna sa kaayusan, kapayapaan, at kaligtasan. Ang bawat sundalong Pilipino ay mananatiling matatag ang loob at matibay ang paniniwala sa kabila ng bawat hamon at panganib na maaring kaharapin. Mananatili tayong mapagkumbaba, responsible, at tapat sa responsibilidad at tungkulin bilang ating ambag sa patuloy na pagbabago bunga ng Army Transformation Roadmap.

Bilang isang frontliner, ito ay isang mapanganib na tungkulin dahil hindi lamang sa paghawak ng sandata at pakikidigma ang ating ginagamapanan kundi pati na rin sa panahon ng pandemic na ito. Kasama ang mga kapwa frontliner na mga doktor, nurse, at iba pang essential workers, sama-sama at nagkakaisa ang lahat upang maitawid ang bawat mamamayan sa mga bantang pangkalusugan.

Sa kabila ng pandemya, patuloy nating panatilihin ang kaayusan at seguridad sa ating bansa. Ipagpatuloy ang pantay-pantay na pagtulong sa ating kapwa ng walang alinlangan at walang hinihintay na kapalit. Sa darating na kapaskuhan, sama sama tayong magtiwala at manalangin para sa kaligtasan at kapayapaan ng ating bansa.







# SA ANO MANG LABAN NG BUHAY, SUNDALONG PINOY ANG TUNAY NA KAAGAPAY

Akda ni Mr. Spencer S. Ross

Sa loob ng isang daan at dalawampu't tatlong dekadang serbisyo ng Hukbong Katihan na Pilipinas o Philippine Army, tunay na marami na ang nagsakripisyo ng kanilang buhay para sa kasaluyang tinatamasang kapayapaan ng ating lipunan. Kanilang isinasakripisyo ang kanilang sariling kaligayahan, kaligtasan, at oras para sa pagpapanatili ng kaayusan.

Marami sa atin ang bulag sa kanilang mga kabutihang ginawa at ginagawa. Marahil ang ilan sa atin ay sasabihing natural lamang iyan dahil ito ang kanilang tungkulin na pinili at nararapat na gampanan. Sa katunayan kung iisa-isahin natin ang kanilang mga nagawa ay tiyak kulang ang isang libong salita para sa naturang pahayag na ito. Bilang normal na mamamayan at miyembro ng lipunan, hindi natin lubos na maitatanggi ang kabutihan, kadakilaan, sakripisyo, at malawak na pang unawa na patuloy na ipinapakita ng ating mga sundalong Pilipino lalo't higit sa kalagitnaan ng COVID-19 pandemic. Ito ay isang nakakamamatay na sakit na patuloy na kumalat sa buong daigdig at sa kasalukuyan ay kumitil na ng maraming buhay.



Ika-16 ng Marso 2020, araw na kung saan idineklara ng gobyerno na ang buong Luzon at ilang piling mga lugar sa bansa na may naitalang kaso ng naturang sakit ay isasailalim sa "lockdown", na kung saan ang non-essential na mga establishimento ay pansamatalang tigil operasyon. Kaangkop nito ang paghihigpit sa paglabas ng mga residente, maliban nalang kung sila ay bibili ng essential goods at kung mayroong medical emergency.

Tanging mga naturang frontliners at may quarantine pass ang may pahintulot na lumabas mula sa kanilang mga tahanan. Sa mga panahong ito, marami ang nakaranas ng matinding gulat, pangamba, at nagulumihanan sa kung ano ang kanilang magiging kinabukasan, lalo na kung saan sila kukuha ng pagkaing ilalatag sa kanilang mga mesa, mga salaping pambayad sa iba't ibang bayarin, at kung ano - ano pang mga suliranin bunga ng pandemya.

Sa gitna ng nasabing mga problema, mga pulis at sundalo ang nangunguna sa pagpapatupad at pagpapanatili ng kaayusan sa mga lugar na nasa ilalim ng lockdown. Sila rin ang nanguna para sa pagpapalayog at pagpapaabot ng samu't-saring tulong sa ating kapwa Pilipino. Samantala, mga doktor at nurses naman ang kaagapay pagdating sa isyung pangkalusugan. Sila at ang iba pang mga frontliner ang kumakaharap sa banta sa kalusugan upang malayo ang bawat mamamayan sa panganib na dala nito.

Ang ating mga sundalo ang siya ring naging kaagapay ng ating gobyerno at pribadong sektor sa pag babahagi ng ayuda sa ating mga mamamayan partikular sa mga liblib na lugar at kabundukan kung saan ang mga pangunahing kagamitan ay isang malaking pangangailangan.

Muli rin nilang pinamalas ang kanilang husay at kapasidad ukol sa iba't ibang larangan tulad ng medisina, agham, pagpapalayog ng agrikultura, pageenhenyero na taglaw din ng iba't-ibang opisina at yunit ng Hukbo.

Matiyaga ring binuo at binubuo ng iba't-ibang yunit ang ilang quarantine facilities, handwashing areas, mga temporary hospitals at iba pang pasilidad sa iba't ibang parte ng bansa para sa pag dekontamina ng naturang sakit. Ang ilan namang sangay ay nagbigay serbisyong transportasyon sa ating mga doktor at nurses at ilang sibilyan.

Karagdagan rito, hindi lamang virus ang kanilang kinaharap maging ang ilang rebelde tulad ng New People's Army o NPA ay naiulat ding umatake sa iba't ibang dako ng bansa, dahilan ng pagkasawi ng ilang mga sundalo. Samantala, sa kabila ng nasabing pag atake, naitala rin ang pagbababa ng kriminalidad sa bansa na halos 50%, ayon sa Philippine National Police o PNP simula ng maipatupad ang lockdown.

Marahil, ang ilan sa mga nabanggit ay lingid sa ating kaalaman sapagkat kadalasan sa ating mga sundalo ay kumikilos sa kahit ano mang sirkumstansya ng buhay sa harap man o hindi ng mata ng publiko. Ilan lamang ito sa mga gawain ng ating mga sundalo, ngunit kung kayo ay magiging bukas at magsasaliksik hindi mahihigitan ng mga salita ang kanilang kawang gawa at sakrispisyo.

Tunay nga na muling pinatunayan ng ating mga sundalo ang kanilang kagitingan, kabutihan at tunay na pagiging kaagabay sa kahit ano mang suliranin, di alintana maging ito man ay kalamidad, terorismo o maske na ang pandemyang COVID - 19. Muli isang saludo at pagrespeto ang aming ipinapahatid ng mga tulad naming mamayan sa lahat ng mga frontliners lalo 't higit sa ating mga kasundaluhan.



# 5ID STARTROOPER: MATATAG SA MAKABAGONG PANAHON KASAMA ANG KOMUNIDAD NG AGHAM

Akda ng Governance and Strategy Management Office, 5th Infantry Division

Ang makabagong panahon ay nagsasanhi ng malaking hamon sa ating pamumuhay. Ang mga dati nating nakasanayan at Gawain ay nagkaroon ng pagbabago. Kung hindi tayo aakma sa mga pagbabagong ito, maaring hindi natin matamasa ang mga kabutihan na maiidulot nito. Ang hindi kanais-nais ay kung mahuli tayong bumagay na maaaring magdulot ng kahinaan sa ating kakayahan sa pagtugon sa ating mga gawain at tungkulin.

Bilang sundalo, ang ating kasanayan ay angkop sa larangan ng pagtangol ng seguridad ng ating bayan at mamamayan. Naging dalubhasa tayo sa larangang ito dahil sa tuwarang atensiyon na ating ibinibigay upang maging mahusay. Kasama na rin dito ang ating dedikasyon sa ating mga tungkulin. Kung kaya maliit na atensiyon ang ating ibinibigay sa ibang aspetong hindi diretsong ukol sa pakikidigma. Bagamat hindi ito diretsohang tugon, hindi ibig sabihin na wala itong halaga. Kagaya na lamang sa aspetong siyensya at teknolohiya na siyang pangunahing nagpapabago ng pamamaraan sa ating pamumuhay, kasama na rin nito ang larangan ng pakikidigma.

Halos lahat ng pangunahing sandatahang lakas sa buong mundo ay may akmang suporta mula sa agham at teknolohiya ng kanilang bansa. Sa pamamagitan ng pananaliksik sa makabagong pamamaraan ng pakikidigma, nagagawa nilang maging angat sa mga banta sa seguridad ng kanilang bayan. Ito na rin ang nagsisilbing kalasag sa masamang tangka ng mga nais makitungali. Marahil hindi ito tiyak garantiya, ang bisa ng agham at teknolohiya sa panghanap ng makabagong pamamaraan sa pakikidigma ay nagsisilbing lakas sa sandatahang organisasyon na sinusuportahan nito.



Hindi kaila na ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas lalo na ang ating Hukbong Katihan, ay siguradong higit na aangat sa tungkulin nitong maprotektahan ang sambayan kung ito ay sinusuportahan ng siyensya at teknolohiya mula sa mga kumunidad at institusyong pang-Agham. Hindi lamang sa larangan ng pagtanggol ng ating bansa pati na rin sa mga sistema at proseso sa pamamahala nito.

Ang pakikipag-ugnayan ng Isabela State University at ng 5th Infantry (Startroopers) Division, sa pamamagitan ng Presidente ng naturang unibersidad na si Dr Ricmar P Aquino, na isa ring miyembro ng 5ID Multi-Sector Advisory Board (MSAB) ay nagbukas ng opportunidad ng kooperasyon ukol sa teknolohiya partikular ang "software development". Isa itong halimbawa ng pagsuporta ng komunidad ng agham sa pamamagitan ng pag-alok ng siyensya na maaring magamit ng isang hanay ng tanggulang pambansa.

Sa kalakasan ng pandemiya ukol sa COVID-19, isang pamamaraan upang mapigilan ang paglaganap nito ay isang mabilis na pagsusubaybay sa posibleng pagkakahawaan. Sa kabutihang palad, ang Isabela State University ay nakapagbuo ng software ukol dito na tinaguriang HealthGuard System. Dahil na rin sa pasasalamat sa paglilingkod at sakripisyo ng ating kasundaluhan, nag-alok si Dr Aquino na ibahagi ang sistema sa 5th Infantry Division ng walang kapalit. Dagdag pa nito, nag-alok pa si Dr Aquino sa 5th Infantry Division sa pagbuo ng panibagong software o programa na maaring kakailanganin nito sa hinaharap. Dahilan upang maging patuloy pa rin ang ganitong klaseng kooperasyon sa dalawang institusyon. Ito ay isang tunay na halimbawa sa kontribusyong ng mamayan sa pamamagitan ng MSAB na syang mga advisers, advocates, at accountability partners ng Hukbo.


Nang dahil dito, nag-atas si MGEN LAURENCE E MINA PA, ang pinuno ng 5th Infantry Division, na ipagpatuloy ang pagsangguni sa akademiya at ahensiya na napapabilang sa scientific community. Ayon sa kanya, "Ang komyunidad ng agham ay siyang makapagbibigay ng tulong upang mapabuti ang ating sistema at proseso sa pamamagitan ng paghatid ng makabagong siyensia at teknolohiya. Kaya palawagin natin ang pakikipagtulungan natin sa kanila". Maliban sa HealthGuard System, ang Isabela State University ay nagpaabot rin ng partnership kasama ang Kagawaran ng Agrikultura ukol sa Agro-based Technology.

Samantala, naitatag ang E-based Community Learning sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Teknolohiyang Pang-Impormasyon at Komunikasyon. Ang proyekto ay nagbigay tulong sa mga pamilya at komunidad ng 5ID sa pamamagitan ng pagbuo ng imprastraktura na nagbigay ng libreng koneksiyon sa internet upang matugunan ang kanilang online learning na pinaiiral ng ating sistemang pang-edukasyon sa panahon ng pandemya.

Sa isang banda naman, ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya ay nakipagsanguni sa 5th Infantry Division upang maihatid ang mga programang pang-teknolohiya sa mga komunidad na sinasakupan nito lalo na sa mga sinasabing hirap na lugar. Dagdag pa dito ay ang alok ng Advanced Defense and Aerospace Materials Research and Development na makipagpartner sa 5th Infantry Division sa proyekto nito ukol sa AeroComp: Enhanced Lightweight Fiber-Reinforced Composite Structures for Aerospace and Defense Applications na magiging pangunahing sangkap sa paggawa ng force protection equipment tulad ng bullet proof vest, helmet at armor protection layer.

Sa mungkahi ng isang Pilipinong siyentista na nakapanayam ng 5th Infantry Division, ang ating bayan ay hindi nakukulangan ng mga eksperto ng siyensiya, sa halip tayo at napapaligiran ng mga mahuhusay at natatanging siyentista. Ang kanilang hinihiling ay isang magandang ekosistemang sumusuporta sa kanilang pagsasaliksik. Kasama na rin dito ang pagtangkilik sa kanilang imbensyon. Ang paggamit sa kanilang mga likha at imbensyon ay maghahantong pa sa extensibong pagsasaliksik na magdudulot pa ng mas maraming mataas at makabagong imbensyon. Kaya sila rin ay nagpapasalamat sa mga institusyon tulad ng 5th Infantry Division na tumatangkilik sa teknolohiyang Pinoy.

Sa kasalakuyan ang 5th Infantry Division ay patuloy na sumasanguni sa mga institusyon na napapabilang sa komunidad ng Agham. Ito rin ay naghahanap sa mga sistema at proseso nito na maaaring mapabuti ng kasalukuyang teknolohiya na maiibibigay ng mga nasabing institusyon. Ang pakikipagtulungan sa mga institusyong pang siyensiya at teknolohiya ay isa ng bahagi ng support processes na maisulong ang transformative agenda ng 5th Infantry Division.




## CALL FOR ARTICLES

Nais mo bang ihayag ang pagbabago na hatid ng Army Transformation Roadmap sa iyo?

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng mga artikulo para sa susunod na isyu ng JUANARMY.

**Ipadala lamang ito sa atr.publication@gmail.com**